# MUHAMMAD

صلى الله عليه وسلم

## SUGO

## SA SANGKATAUHAN

***"Sabihin (O Muhammad): O sangkatauhan! Ako ay ipinadala sa inyong lahat bilang isang Sugo ng Allah – sa Kanya (Allah) ang pagmamay-ari ng kapangyarihan sa mga kalangitan at sa kalupaan: Walang Diyos maliban sa Kanya."*** **[Kabanata Al Araf 7 : 158]**


**Tinipon at Sinulat ni**

**Omar Salcedo Peñalber**

# محمد ﷺ

# رسول في العالمين

**باللغة الفلبينية (تجالوج)**

عمر بينالبير

# PANIMULA

Purihin ang Dakilang Allah[1], ang *Rabb*[2] ng mga daigdig. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay ipagkaloob kay Propeta Muhammadﷺ[3] sa kanyang pamilya, kasamahan, sa lahat ng Propetang nauna sa kanya at sa lahat ng tumatahak sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Ang lathalaing ito ay inihanda upang bigyan ng tamang impormasyon ang mambabasa tungkol sa katauhan at misyon ni Propeta Muhammadﷺ.

Si Propeta Muhammadﷺ ay siyang huling Sugo at Propeta ng Allah na ipinadala sa buong sangkatauhan. Sa kabila ng malaking bilang ng sambayanang Muslim na umaabot sa isang bilyon mula sa iba't ibang kulay, lahi at kultura sa buong daigdig, marami pa rin sa mga di-Muslim ang hindi nakakikilala sa kanya. Si Propeta Muhammadﷺ ay tunay na larawan ng kabutihan at huwaran sa kagandahang-asal.

Si Muhammadﷺ ay isinugo ng Allah(ﷻ) – ang *Rabb* (Panginoon) ng mga daigdig, upang ibalik ang wagas at tunay na

---

[1] Ang Allah (ﷻ ay Siyang Tangi at Nag-iisang tunay na Diyos na Tagapaglikha, ang Nagbibigay panustos sa lahat, ang Walang Katambal o Katulad, ang may tangan ng buhay at kamatayan. Siya ang nagpadala ng mga Sugo at Propeta. Siya ay Makapangyarihan at May Kasapatan. Ang lahat maliban sa Kanya ay walang kasarinlan. Lahat ay umaasa sa Kanya.

[2] Bagaman pinipili ng iba ang katagang panginoon bilang kahulugan ng *Rabb*, higit na nararapat na panatilihing gamitin ang orihinal na katagang Arabik na *Rabb* sa dahilang ang katagang panginoon ay hindi maibigay ang ganap na kahalagahan at kahulugan ng katagang *Rabb*. Gayundin, ang katagang panginoon ay karaniwan na lamang ginagamit sa kanluran bilang katawagan sa mga guro, pinuno at may-ari ng malaking ari-arian (proprietor). Bukod pa rito, ito ay ibinigay na katawagan kay Jesus (isang Propeta ng Allah) sa maling paniniwala ng iba na siya ay may pagka-diyos. Ang talababa bilang 1 sa itaas ay iilan lamang sa ibig sabihin ng *Rabb*.

[3] ﷺSallallahu alaihi wa sallaam: Nawa'y itampok ng Allah ang pagbanggit sa kanya at nawa'y pangalagaan siya laban sa anumang masama.

pananampalataya sa Iisang Tunay na Diyos. Gayundin, siya ay isinugo upang maging gabay sa sangkatauhan at maging isang huwaran ng mabuting pag-uugali.

Ako'y nagpapasalamat sa lahat ng mga kapatid na tumulong sa pagsaayos ng aklat na ito. Nais kong ipaabot ang aking pagpapahalaga at taus-pusong pasasalamat sa ating mga kapatid na sina Khalid Evaristo, Mohammad Taha, Yusuf Butucan, Mohammad B. Mendoza at Ahmad Jibreel Salas sa kanilang pagrepaso at pagbigay payo sa lathalaing ito. Nawa'y igawad sa atin ng Allah(ﷻ) ang Kanyang biyaya at habag lalung-lalo na sa Araw ng Paghuhukom.

Sumainyo ang kapayapaan at nawa'y patnubayan tayo ng Allah(ﷻ) sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

**Omar Salcedo Peñalber**
**March 2005**

***Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin***

# ANG MGA PROPETA NG ALLAH

Pagkaraang likhain sina Adan at Eba at sa paglipas ng mga salinlahi ng tao, ang Allah(ﷻ) ay nagpadala ng maraming Propeta upang ituro sa tao ang tamang pagsamba sa Tangi at Nag-iisang Tunay na Diyos.

Sila ang naging daan upang malaman ng tao ang tungkol sa Diyos, sa Paraiso at Impiyerno. Gayundin, upang bigyang babala ang tao na may nakalaang parusa sa Impiyerno sa taong hindi kumikilala sa kanyang Tagapaglikha. Dahil dito, wala nang maipangangatuwiran pa ang tao sa Allah(ﷻ) sa takdang Araw ng Paghuhukom kung tumanggi sila sa mga aral na dala ng mga Propetang isinugo sa daigdig.

Nagturo ang mga Propeta sa tao na magkaroon ng pamumuhay nang may pagkakaisa, kapayapaan at pagkatakot sa Allah(ﷻ). Sa dahilang hindi lubusang nalalaman ng tao kung ano ang tama at mali, nagpadala ang Allah(ﷻ) ng mga Propeta sa buong kasaysayan upang igabay ang tao sa tamang landas.

Ang ilan sa mga Propetang isinugo ng Allah(ﷻ) ay sina: Noah, Abraham, Ismael, Isaac, Jacob, David, Solomon, Moises, Hesus at Muhammadﷺ.

Ang kahuli-hulihang Propetang ipinadala ng Allah(ﷻ) ay si Muhammadﷺ. Katulad din ni Hesus at ng iba pang mga naunang Propeta, siya ay nagturo rin ng Islam – ang pagsamba lamang sa Tangi at Nag-iisang Tunay na Diyos (Allahﷻ).

Ang pinakabuod ng mensahe ng Islam ay ang pagsamba lamang sa Nag-iisang Tunay na Diyos (Allah(ﷻ) na lumikha sa lahat. Ang

sinumang sumusunod, sumusuko at tumatalima sa Allah(ﷻ) bilang pagsamba ay tinatawag na Muslim. Sa puntong ito, ang lahat ng Propetang isinugo ng Allah(ﷻ) ay iisa ang dalang pananampalataya, ang Islam at sila ay mga Muslim sa dahilang sila'y sumunod, sumuko at tumalima sa nagpadala sa kanila – ang Allah(ﷻ).

Kaya, ang Islam ay hindi bagong pananampalataya bagkus naroon na ito sa panahon pa ni Adan, ang kauna-unahang taong nilikha ng Allah(ﷻ).

Hindi ilalagay ng Allah(ﷻ) ang tao sa Impiyerno kung hindi ito nakarinig ng mensahe ng mga Sugo at Propetang Kanyang ipinadala. Kaya ang sinumang dinatnan ng mensahe ng sinumang Propeta, wala na siyang maidadahilan pa sa Allah(ﷻ) sa Araw ng Paghuhukom, kung sakali mang siya ay mamatay sa kalagayang hindi naniniwala.

Ang diwa ng mensahe ng lahat ng Propeta ay ang **sambahin lamang ang Dakilang Lumikha** na Siyang nagpadala sa kanila. Kaya sinumang sumamba sa iba o magbigay katambal sa pagsamba sa Allah(ﷻ) ay nasadlak sa pinakamalaking kasalanan, at kung mamatay man siya sa ganitong kalagayan, wala na siyang pag-asa pa sa Paraiso. Ating matutunghayan sa kabanata An-Nisa-4 :48 ng Banal na Qur'an:

> *Katotohanan, hindi pinatatawad ng Allah ang pagbibigay katambal sa Kanya, subali't Kanyang pinatatawad sa kaninumang Kanyang nais (ang anumang kasalanan) maliban dito. Sinumang magbigay ng katambal sa Allah sa pagsamba, tunay na nakagawa ng isang napakalaking kasalanan.*

Kaya nararapat lamang na iwasto ng bawa't isa ang kanyang pananampalataya bago dumating ang takdang araw ng kanyang kamatayan - isang lantad na katotohanang kahaharapin ng bawa't

may buhay. Maging sinuman ay walang kakayahang takasan o pigilan ito. Walang sinumang nakababatid sa takdang oras nito maliban lamang sa nagpahiram ng ating buhay - ang Allah(ﷻ). Nagaganap ang kamatayan sa bawa't sandali at katiyakang mararanasan ito ng bawa't tao anuman ang kalagayan niya sa buhay. Ang Allah(ﷻ) ay nagwika:

> *Ang bawa't kaluluwa ay makararanas ng kamatayan. At sa Araw ng Paghuhukom lamang kayo bibigyan ng tunay at ganap na kabayaran.* [Kabanata Al Imran 3:185]

Gayundin, bilang pagbibigay-diin na ang lahat ay babawian ng buhay ng Allah(ﷻ) at ang lahat ay magbabalik sa Kanya, Siya ay nagwika:

> *Ang bawa't kaluluwa ay makararanas ng kamatayan. At kayo ay ibabalik sa Amin.* [Kabanata Al Ankabut 29:57]

Bagaman ginawaran tayo ng Allah(ﷻ) ng kaisipan at talino, hindi pa rin natin kayang isipin kung sino talaga ang tunay na Diyos. Tanging ang mga Propeta at Sugo lamang na Kanyang ipinadala sa daigdig ang ating mga saligan kung papaano natin Siya kilalanin at sambahin. Ibinigay ng Allah(ﷻ) sa Kanyang Huling Sugo na si Propeta Muhammadﷺ ang buo at ganap na katuruan ng pananampalatayang itinakda Niya sa tao. Ipinahayag sa kanya ang panghuling Aklat (Qur'an) at gayundin ang mga *Hadith*[1] na magsisilbing gabay sa sangkatauhan hanggang sa wakas ng daigdig. Sinumang nabubuhay sa ngayon ay wala na siyang mapagkukunan ng iba pang mapananaligang batayan maliban sa panghuling kapahayagan ng Allah(ﷻ) na nananatili sa orihinal na anyo magpahanggang ngayon. Bilang panghuli sa mga Propeta at Sugo na ipinadala ng Allah*(ﷻ)* sa daigdig, nasa kay Propeta

---

[1] Hadith: Mga winika, pangaral at pinahintulutan ng Propeta ﷺ nang nabubuhay pa siya na naisaulo at naisulat ng kanyang mga kasamahan, at masusing tinipon ng mga pantas sa Islam.

Muhammadﷺ na ngayon ang panuntunan na dapat sundin ng tao sapagka't siya ang Huling Sugo ng Allah sa buong sangkatauhan. Ating mababasa sa Banal na Qur'an:

> *Sabihin mo (O Muhammad): 'O sangkatauhan! Katotohanan, ipinadala ako sa inyong lahat bilang Sugo ng Allah'. (Kabanata Al-Araf 7:158)*
>
> *Katotohanan, nasa Sugo ng Allah ang isang magandang huwaran upang pamarisan ng sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling Araw at lagi nang nag-aalaala sa Allah.* [Kabanata Al Ahzab 33:21]

## PROPETA MUHAMMAD

> *At hindi ka Namin isinugo (O Muhammad) maliban bilang isang habag sa lahat ng nilikha.* [Kabanata Al Anbiya 21:107]

### ANG KANYANG KAPANGANAKAN

Isinilang si Propeta Muhammadﷺ sa *Makkah* noong taong 570 A.D. – Ang taong yaon ay tinaguriang "*Taon ng Elepante*".

Bago pa man siya isinilang, ang kanyang ama na si Abdullah ibn Abdul-Muttalib mula sa tribu ng *Quraysh* sa *Makkah* ay namatay habang siya ay pabalik sa pangangalakal mula sa *Syria* patungo ng *Makkah*. Sakbibi ng lungkot ang kanyang ina na si Aminah bint Wahb bin Abdu-Manaf, na taga *Madinah*, sa maagang pagkamatay ng kanyang asawa na ama ng kanyang isinilang na sanggol. Tanging ang Allah*(ﷻ)* lamang ang nakababatid na ang ulilang sanggol na ito ay magiging isang bantog na Propeta at Sugo sa sangkatauhan.

## BAKIT TAON NG ELEPANTE?

May isang nagngangalang Abrahah mula sa *Abyssinia* – isang bansa sa *Afrika*, ang sumakop sa bansang *Yemen* at siya ang naging tagapamahala roon.

Kanyang napansin na minsan sa bawa't taon maraming tao sa kanyang nasasakupan at maging mula sa ibang panig ng Arabia ang nagtutungo sa *Makkah* upang dalawin ang *Ka'bah*, ang unang bahay dalanginang itinayo ni Abraham at ng kanyang anak na si Ismael. Hindi niya matanggap na higit na mahalaga ang *Makkah* kaysa sa sarili niyang bansang nasasakupan.

Nagtayo si Abrahah ng isang malaking simbahang gawa sa marmol sa kanyang lugar sa *Yemen.* Ang pinto nito ay ginto at ang mga palamuti ay pilak. Kanyang ipinag-utos sa mga tao na dito na lamang idaos ang kanilang paglalakbay o ang pilgrimahe sa simbahang kanyang itinayo subali't walang sinumang sumunod sa kanya.

Sa kanyang matinding galit, nagdala siya ng malaking hukbo ng sundalo na sakay ng mga elepante upang wasakin ang *Ka'bah.*

Nguni't nang sila ay papalapit na sa *Ka'bah,* ang mga elepanteng sinasakyan nila ay nagsiluhod at tumangging tumayo sa kabila ng matinding hagupit na ipinamalas sa kanila ng mga mandirigma.

Pagkaraa'y, biglang dumating ang kawan ng mga ibon na may dalang mga hinurnong putik at ito'y ipinukol sa kanila na naging sanhi ng pagkamatay ng marami sa kanila. Dahil sa kanilang matinding takot, ang ilan sa kanila ay nagsitakbo pabalik ng Yemen. At doon si Abhara ay inabutan ng kamatayan.

Sa taon ding yaon – 570 A.D., si Propeta Muhammadﷺ ay isinilang.

## ANG KANYANG KABATAAN

Katulad ng kinaugalian ng mga taga-*Makkah*, nagpasiya si Aminah na ipadala ang kanyang anak sa labas ng lungsod ng *Makkah* upang doon alagaan para sa ikauunlad ng kanyang kalusugan. Inalagaan siya ng isang babaing *Bedouin* (naninirahan sa disyerto) na nagngangalang Halimah Al-Sa'diyyah.

Naging maayos ang pamumuhay ni Halimah at maging ang kanyang pamilya simula nang alagaan niya ang batang si Muhammadﷺ. Bagaman ninais niyang manatili pa sa kanila ang bata, ibinalik siya sa kanyang ina na si Aminah makalipas ang tatlong taon. Ibinalik si Muhammadﷺ na isang malusog at malakas na bata.

Lumipas ang tatlong taon, nagpasiya si Aminah na dalhin ang kanyang anak sa *Yathrib* na ngayon ay *Al-Madinah* upang dalawin ang kanyang amain. Nanatili sila doon ng isang buwan at muling nagpasiya ang kanyang ina na bumalik sila sa *Makkah.*

Nguni't habang sila'y naglalakbay, nagkaroon ng matinding karamdaman ang kanyang ina na siyang naging sanhi ng kanyang kamatayan. Inilibing siya sa *Al-Abwa* na hindi kalayuan sa *Yathrib*. Lubusang naulila si Muhammadﷺ sa gulang na anim na taon.

Ibinalik si Muhammadﷺ sa *Makkah* ng katulong ng kanyang ina, at ibinigay siya sa kanyang lolo na si Abdul Muthalib. Subali't paglipas ng dalawang taon, nagkasakit din ang kanyang lolo at namatay. Ang kanyang tiyuhin na si Abu Thalib naman ang nagpatuloy sa pag-aalaga sa kanya.

Dumating ang panahon na ang tribu ng *Quraysh* ay naghanda ng kanilang karaban patungong *Syria* upang mangalakal. Sumama sa

pangkat ng mga naglakbay ang kanyang tiyuhin na si Abu Thalib at isinama rin niya ang batang si Muhammadﷺ.

Habang papalapit na sila sa *Syria,* may isang monghe (monk) na nagngangalang *Bahira* ang namangha sa pagkakita niya ng kaisa-isang makapal at maputing ulap sa kalawakan na nagbigay lilim sa isa sa mga manlalakbay.

Lalong naging kagila-gilalas kay *Bahira* nang makita niyang nawawala ang ulap nang sumilong ang mga manlalakbay na ito sa puno ng kahoy upang mamahinga.

Sa pagkakataong yaon, inanyayahan ng monghe ang mga manlalakbay sa isang tanghalian. Gayon na lamang ang pagtataka ng mga manlalakbay dahil ito ang kauna-unahang pagkakataong inanyayahan sila ng monghe na parati nilang dinaraanan patungong *Syria*. Nagtanong ang monghe kung wala silang kasamang naiwan sa labas. Sinabi nilang naiwan ang isang bata upang magbantay sa kanilang mga kamelyo. Iginiit ng monghe na papasukin din ang bata.

Nang matapos ang tanghalian, kinausap ng monghe ang batang si Muhammadﷺ at tinanong kung ano ang kanyang masasabi tungkol sa maraming idolo at rebulto na nasa loob ng *Ka'bah* sa *Makkah*. Si Muhammadﷺ ay sumagot: *"Walang kasuklam-suklam sa mundong ito maliban sa mga rebulto na nasa loob ng Ka'bah."*

Ang kanilang pag-uusap ay nagbigay katiyakan sa monghe na hihiranging Propeta si Muhammadﷺ at siya ang susunod na Propeta pagkaraan ni Propeta Hesus.

Tinanong ng monghe ang mga manlalakbay kung kaninong anak si Muhammadﷺ. Sumagot si Abu Thalib na si Muhammadﷺ ay kanyang anak. Subali't sinabi ng monghe na hindi siya maaaring maging anak ni Abu Thalib sapagka't ayon sa propesiya o pahayag

na kanyang nabasa at napag-aralan sa mga banal na kapahayagan, isisilang si Muhammadﷺ na isang ulila sa ama.

Nagkaroon ng katuparan ang tinuran ng monghe tungkol kay Muhammadﷺ na ating tatalakayin sa mga sumusunod na pahina.

Ang isa sa mga pangyayari sa panahon ng kabataan ni Muhammadﷺ ay noong anyayahan siya ng ibang mga bata sa isang kasalan sa *Makkah* na kung saan mayroong tugtugan at sayawan. Subali't nang makarating sila sa lugar na yaon, bigla na lamang siyang nakaramdam ng matinding pagod at pagkaantok at siya'y umupo sa labas at nakatulog. Hindi na niya nasaksihan ang nasabing sayawan at iba pang pangyayari. Isang palatandaan ito na siya ay pinangalagaan ng Allah(ﷻ) upang ilayo sa mga di-kanais-nais na kaugalian sa kanilang pook.

## ANG KANYANG PAG-AASAWA

Nag-asawa si Muhammadﷺ nang siya ay nasa gulang na dalawampu't limang taon. Si Khadijah, isang balo na matanda sa kanya ng labing limang taon, ang kanyang naging asawa.

Naging masaya ang kanilang pagsasama at nagkaroon sila ng anim na anak - dalawang lalaki at apat na babae. Kapwa namatay ang dalawang lalaki noong sila'y mga bata at maliliit pa.

Iginagalang at pinagkakatiwalaan si Muhammadﷺ sa kanyang lugar sa *Makkah*. Simula pa sa kanyang pagkabata, kilala na siya sa *Makkah* bilang *Al-Amin* (isang taong mapagkakatiwalaan).

## ANG KANYANG PAGIGING PROPETA

Naniniwala at nananampalataya lamang si Muhammadﷺ sa Tangi at Nag-iisang Diyos (Allah(ﷻ)), Ang Lumikha ng lahat ng bagay – nakikita man o hindi nakikita.

Ang *Makkah* ay isang pook kalakalan noong mga panahong yaon. Ang bawa't tribu o angkan mula sa iba't ibang panig ng *Arabia* ay nagtutungo roon upang mangalakal at magsagawa ng matagal nang kinaugaliang peregrinasyon. Sa paglipas ng panahon, ang tuwirang pagsamba sa Iisang Tunay na Diyos (Allahﷻ) ay nahalinhan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan. Kaya ang *Makkah* na kinamulatan ni Muhammadﷺ ay isang pook ng politeismo (pagsamba sa mga diyus-diyusan), masasamang bisyo at mga kaugaliang sadyang lisya sa likas na kabutihan ng tao.

Sa gitna ng kamangmangan at katiwaliang ito, lagi nang lumalabas ng *Makkah* si Muhammadﷺ at nagtutungo sa Bundok ng *Al-Nur* upang magmuni-muni. Isa sa mga araw na ito, si Anghel Gabriel ay nagpakita sa kanya at nagsimulang ipahayag sa kanya ang mensahe ng Allah(ﷻ) para sa sangkatauhan.

Sa unang pagkakataon, ipinag-utos sa kanya ni Anghel Gabriel na: *"Iqra"* (Basahin), nguni't ang kanyang sagot ay "hindi ako marunong bumasa".

Subali't muling nagsabi sa kanya ang Anghel ng katagang *"Iqra"*. At sa pangatlong pagkakataon, sabay na niyakap siya ng Anghel nang napakahigpit na halos mapugto ang kanyang hininga. Dito nagsimulang ipahayag sa kanya ang unang kapahayagan.

Kabanata *Al 'Alaq* 96 : 1-5

> *Basahin! Sa Ngalan ng iyong Rabb (Panginoon) Na Siyang lumikha, Na lumikha sa tao mula sa namumuong bagay*
>
> *Basahin! At ang iyong Rabb (Panginoon) ay Ang Mapagbigay, Siya na nagturo (sa paggamit) ng panulat, Na nagturo sa tao sa hindi niya nalalaman."*

Ito ang kauna-unahang rebelasyon na ipinahayag ng Allah(ﷻ) kay Propeta Muhammadﷺ sa pamamagitan ni Anghel Gabriel.

Nang matiyak na ni Anghel Gabriel na naisaulo na ni Propeta Muhammadﷺ ang unang rebelasyon na ipinahayag sa kanya, siya ay biglang naglaho.

Sa kanyang paglabas mula sa yungib ng *Hira*, siya'y nakarinig ng isang tinig na nagsasabi: *"O Muhammad, ikaw ay Sugo ng Allah at ako ay si Anghel Gabriel."* Kanyang inangat ang paningin sa kalangitan at nakita niya si Anghel Gabriel sa lahat ng bahagi ng langit kahit saan man siya bumaling. Dahil sa kanyang takot, dali-dali siyang umuwi sa kanyang asawang si Khadijah at inutusan itong balutin siya (ng kumot) upang mapawi ang kanyang panginginig. Paglipas ng ilang sandali, siya'y nahimasmasan at isinalaysay niya sa kanyang asawa ang nangyari hanggang sa siya ay makatulog.

Nang siya'y magising, dinala siya ni Khadijah sa pinsan niyang si Waraqah bin Nawfal. Si Waraqah ay isang matandang bulag na may malawak na kaalaman hinggil sa mga naunang banal na kapahayagan. Sinabi ni Khadijah kay Waraqah : *"O aking pinsan, pakinggan mo ang iyong pamangkin".* Si Waraqah ay nagwika: *"O aking pamangkin, ano ang iyong nakita?"* At isinalaysay ni Propeta Muhammadﷺ ang lahat ng nangyari sa kanya sa yungib ng *Hira.* Si Waraqah ay muling nagwika: *"Siya ang Anghel na isinugo rin ng Allah(ﷻ) kay Propeta Moises. Sana'y bata pa ako upang maabutan ko ang pagtakwil at pagtaboy sa iyo ng tao".* Si Properta Muhammadﷺ ay nagtanong: *"Pagtatabuyan ba nila ako?"* Si Waraqah ay sumagot nang walang pag-aalinlangan: *"Oo, sinumang dumating na may dalang balita katulad ng sa iyo, siya ay pakikitunguhan nang malupit ng maraming tao. Kaya kung buhay pa ako sa mga panahong gagawin nila ito sa iyo, tutulungan kita at ipagtatanggol".*

Sa mga pangyayaring narinig ni Waraqah, kanyang tiniyak na nahirang na Propeta ng Allah(ﷻ) si Muhammadﷺ katulad ni Propeta Moises upang igabay ang tao sa tamang landas. Nasa apatnapung (40) taon gulang si Propeta Muhammadﷺ nang hirangin siya ng Allah(ﷻ) bilang panghuling Sugo sa sangkatauhan.

Magmula noon, patuloy ang pagbibigay ni Anghel Gabriel kay Propeta Muhammadﷺ ng mga kapahayagan mula sa Allah(ﷻ) - ang *Rabb* (Panginoon) ng mga daigdig.

## ANG MGA TAONG UNANG TUMANGGAP NG lSLAM

Sa loob ng unang tatlong taon, nagturo ng Islam ang Propetaﷺ sa kanyang mga malalapit na kamag-anak lamang. Ang kauna-unahang tumanggap ng Islam ay sina: Khadijah (ang kanyang asawa); Ali bin Abi Talib (ang kanyang pinsan – anak ni Abu Thalib); Zaid Al-Harithah (isang Alipin); at Abu Bakar Al-Siddiq (ang kanyang matalik na kaibigan). Hanggang sa dumating ang panahong ipag-utos ng Allah(ﷻ) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel na simulan na niya ang pagpapalaganap ng Kanyang mensahe sa lahat. Ginawa niya ito subali't marami ang hindi naniwala sa kanya. Maging si Omar ibn Al Khattab, isa sa mga kinikilalang tao sa *Makkah* sa mga panahong yaon ay hindi naniwala. Sa katunayan, tinangkang patayin ni Omar si Propeta Muhammadﷺ dahil sa pagpapalaganap niya ng Islam. Lalong nagalit si Omar nang sabihin ng mga tao sa kanya na nararapat muna siyang pumunta sa kanyang kapatid na si Fatimah at sa asawa nitong si Saeed dahil tinanggap nila ang Islam.

Nang mapatunayan mismo ito ni Omar sa kanyang kapatid, lalong tumindi ang kanyang galit at nagawa niyang saktan si Fatimah.

Bagaman nanlumo si Fatimah, nagawa pa rin niyang pakiusapan si Omar na basahin ang kabanata ng Qur'an na hawak-hawak niya.

Binasa ito ni Omar at kanyang napagtanto na hindi ito karaniwang tula na sadyang kakaiba sa mga napapakinggan niya. Nagdulot ng pagkamangha kay Omar ang maikli at makabuluhang mga talata nito na humahamon sa kaisipan at nagpapalambot ng puso. At sa bandang huli, siya'y naniwalang nagmula nga ito sa *Rabb* (Panginoon) ng Sanlibutan.

Dahil sa kanyang nabasa, nagpasiya si Omar na magtungo sa Propeta ﷺ upang manumpa bilang tanda ng pagtanggap niya ng Islam. Simula nang tanggapin ni Omar ibn Al Khattab ang Islam, naging ganap na matatag ang mga Muslim sa buong *Makkah*.

## ANG TAON NG KALUNGKUTAN

Pagkaraan ng sampung taon nang siya ay hiranging Propeta, ang kanyang asawang si Khadijah ay namatay. Bukod pa sa pagiging isang ulirang asawa, nanatili at nagsilbing tagapayo at taga-suporta ng Propeta ﷺ si Khadijah. Kaya naman, sakbibi ng kalungkutan si Propeta Muhammad ﷺ sa pagyao ni Khadijah – ang unang tao na yumakap ng Islam.

Halos kaalinsabay nito ay ang pagkamatay din ng kanyang tiyuhin na si Abu Thalib sa taon ding yaon. Bagaman hindi tinanggap ni Abu Thalib ang Islam, siya ay naging malakas at matatag na tagapangalaga at tagasuporta ni Propeta Muhammad ﷺ

Sa mga pangyayaring ito, marami sa mga di-nananampalataya ang nangatuwa dahil sa naging malungkot ang buhay ng Propeta ﷺ. Maging ang mga kabataan ay nilalapastangan siya at pinagtatawanan. Sa katunayan, habang siya'y naglalakad, may isang batang nagpukol sa kanya ng dumi. Nang makita siya ng kanyang anak, umiyak na lamang ito dahil sa matinding habag niya sa kanyang ama. Pinayuhan ng Propeta ﷺ ang kanyang anak na huwag siyang magdamdam sapagka't hindi pinababayaan ng Allah(ﷻ) ang Kanyang Propeta.

Hanggang sa dumating ang pagkakataon sa buhay ng Propeta ﷺ na inakala niyang hindi na uunlad ang Islam sa *Makkah* dahil nakasara na ang puso ng tribu ng *Quraysh* laban sa kanya. Nagtungo siya sa *Taif* sa pamamagitan ng paglalakad na humigit kumulang isang daang kilometro ang layo nito sa *Makkah*. Doon siya nagbakasakaling naghanap ng makakatulong subali't walang sinumang nakinig sa kanya. Bagkus, siya ay inalipusta, sinaktan at pinagtawanan ng mga tagaroon.

Hindi pa rin lubusang bigo ang kanyang paglalakbay sa *Taif* dahil may isang taong yumakap ng Islam. Siya ay si Addas na taga-*Assyria* na naninilbihan sa isang mayaman na nabibilang sa isang kilalang tribu sa *Taif*. Muling bumalik ang Propeta ﷺ sa *Makkah* upang ipagpatuloy ang kanyang misyon.

## AL-MIRAJ – ANG PAGLALAKBAY SA KALANGITAN

Dumating si Anghel Gabriel kay Propeta Muhammad ﷺ at sa mahimalang paraan, una siyang dinala sa *Masjid Al Aqsa* sa Jerusalem na ang layo ay karaniwan nang inaabot ng isang buwang paglalakbay mula sa *Makkah* sakay ng isang kamelyo. Doon niya nakita ang mga naunang Propeta katulad nina Abraham, Moises, Hesus at iba pang Propeta at Sugong ipinadala ng Allah(ﷻ) dito sa daigdig. Nagsagawa silang lahat ng pagdarasal at si Propeta Muhammad ﷺ ang namuno sa kanila.

Habang sila ay naroroon, binigyan din siya ng dalawang basong naglalaman ng alak at gatas. Pinapili siya sa pagitan ng dalawang inumin at kanyang pinili ang gatas. Sa pangyayaring ito, sinabi sa kanya ni Anghel Gabriel: *"Katotohanang ikaw ay napatnubayan sa tamang landas, nasa sa iyo ang tunay na katangian ng isang tao, at gayundin sa iyong mga tagasunod ay ipinagbabawal sa kanila ang alak."*

Pumaroon sa kalangitan si Propeta Muhammadﷺ at si Anghel Gabriel.

Sa paglalakbay nilang ito, ipinag-utos ang pag-aalay ng *Salaah* (pagdarasal) ng limang beses maghapon na sa bawa't isa nito ay may nakalaang katumbas na sampung biyaya. Ang *Salaah* (pagdarasal) ay isa sa limang haligi ng pananampalatayang Islam. Ito ay nagpapadalisay sa kaluluwa ng tao at ito rin ay isang napakadakilang kasiyahang pang ispiritwal.

## ANG PAGSUBOK SA KANYANG KATATAGAN BILANG PROPETA

Maraming mga pagsubok ang dumaan sa buhay ng Propetaﷺ subali't sa kabila ng mga kahirapan at kapighatiang kanyang naranasan sa kamay ng mga di-Muslim, siya ay nagpatuloy pa rin sa pagpapalaganap ng Islam.

Dumating din ang pagkakataong siya'y inalok ng mga taga-*Makkah* ng kayamanan, magagandang dilag at mataas na katungkulan sa lipunan itigil lamang niya ang pagpapalaganap ng Islam.

Bilang tugon sa kanila, siya'y nagsabi: *"Kahit ilagay nila ang araw sa aking kanang kamay at ang buwan sa aking kaliwang kamay bilang kapalit upang itigil ko lamang ang misyong ito, hindi pa rin ako magtitigil hangga't hindi gagawin ng Allah(ﷻ) na manaig ang katotohanan o dili kaya'y mamatay ako sa paglilingkod ng dahil lamang sa Kanya."*

Lalong tumindi ang pang-aapi at pagmamalupit ng mga taga-*Makkah* sa mga Muslim hanggang sa sila ay inatasan ng Allah(ﷻ) na lumikas patungong *Yathrib* (na ngayon ay kilala sa tawag na *Madinah Munawarah*).

## HIJRAH – ANG PAGLIKAS MULA MAKKAH PATUNGONG MADINAH

Lumikas patungong *Madinah* si Propeta Muhammadﷺ noong siya ay limampu't tatlong taon (53) gulang.

Ang kanyang mga kasamahan ang naunang lumisan patungong *Madinah*. Sumunod ang Propetaﷺ at si Abu Bakar at inabot sila ng labindalawang (12) araw bago nila narating ang *Yathrib*.

Nalaman ng mga taga-*Makkah* ang paglikas ng mga Muslim patungong *Madinah* kaya, nagpasiya ang bawa't pinuno ng mga tribu sa *Makkah* na putulin na sa lalong madaling panahon ang paglaganap ng Islam. Nagpadala sila ng kani-kanilang kinatawan upang kitlan ng buhay ang Propetaﷺ. Kaya sa paglikas ng Propetaﷺ at ni Abu Bakar patungong *Madinah*, hindi lingid sa kanila na tinutugis sila ng mga taga-*Makkah* upang patayin. Datapwa't iniligtas sila ng isang mahimalang pangyayari. Lagi na lamang lumulubog sa buhangin ang mga paa ng kamelyo na sinasakyan ng mga sumusunod at hindi nakahahabol nang husto sa kanila.

Pumasok sa yungib ang Propetaﷺ at si Abu Bakar upang magtago. Habang sila ay nasa loob, isang gagamba ang gumawa ng kanyang bahay sa bukana ng yungib. Maging ang ibon ay nanatili sa kanyang pugad sa may bukana ng yungib. Ito ang nagsilbing dahilan upang isipin ng mga sumusunod sa kanila na walang tao sa loob ng yungib.

## MGA NAGANAP NA DIGMAAN

Bagaman patuloy ang pagdami ng tumatanggap sa pananampalatayang Islam, marami pa rin ang tumututol sa paglaganap nito lalung-lalo na yaong mga pinuno ng mga

sumasamba sa diyus-diyusan na kung saan nakasalalay ang kanilang kalakalan at impluwensiya sa mamamayan.

Dahil sa kanilang pagnanais na mawala nang tuluyan ang Islam, maraming pakana at sabwatan na humantong sa sunud-sunod na labanan sa pagitan ng Muslim at di-nananampalataya. Isinagawa ng mga Muslim ang pakikipaglaban ng dahil sa Allah(ﷻ) lamang. Ang ilan sa mga labanan na naganap ay ang sumusunod:

Ang Digmaan sa *Badr* ay may humigit-kumulang 300 sundalong Muslim. Nagwagi ang mga Muslim.

Ang Digmaan sa *Uhod* ay binubuo ng 700 sundalong Muslim. Nagapi ang mga Muslim dahil sa pagsuway nila sa Propetaﷺ.

Ang Digmaan sa "*Trench*" (Hukay) ay may 3,000 sundalong Muslim. Umatras ang mga taga *Quraysh* sa kanilang pananalakay kahit na sila'y may mahigit na 10,000 sundalo.

Ang Digmaan sa *Hunayn* ay may humigit-kumulang sa 12,000 sundalong Muslim at may 3,000 sundalo lamang ang kalaban. Bagaman marami ang bilang ng mga Muslim, ang biglaan at mabilisang pagsalakay ng kaaway ay nagdulot ng kaguluhan at pagkabalisa sa kanila na naging sanhi ng paglisan ng iba papalayo mula sa lugar ng labanan. Subali't ang katatagan at katapangan ng ilang Muslim na nanatili ay nakapagbigay katatagan ng loob sa iba upang ipagpatuloy ang labanan na sa bandang huli'y nagbigay sa kanila ng tagumpay.

Nagkaroon ng aral ang mga Muslim sa labanang ito tungkol sa kanilang pagmamalaki at pag-aakalang sapat na ang kahigitan ng kanilang bilang upang magwagi. Kanilang napagtanto na nasa Kamay lamang ng Allah(ﷻ) ang tunay na tagumpay.

## ANG PAGKATATAG NG PAMAYANANG ISLAMIKO

Masayang sinalubong ng mga tao sa *Madinah* ang pagdating nina Propeta Muhammadﷺ at Abu Bakar.

Ang mga mamamayan ng *Madinah* ay binubuo ng mga *Muhajirun* (mga nagsipaglikas na Muslim mula sa *Makkah*); mga *Ansar* (mga Muslim na taga-*Madinah*); mga pagano; at iba't ibang lahi at tribu ng mga Hudyo.

Itinatag ang pamayanang Islamiko sa *Madinah* at doon nagsimulang ipatupad ang batas ng Banal na Qur'an (mga salita ng Allah(ﷻ)at ang Sunnah (mga gawa, winika, pangaral at sinang-ayunang gawa ni Propeta Muhammad (ﷺ).

Ang mga Hudyo ay itinuring na mga mamamayan ng pamayanang Islam. Subali't tungkulin nilang makipaglaban kasama ang mga Muslim kung sakaling ang *Madinah* ay lulusubin ng mga kaaway at tungkulin din nilang magbayad ng kanilang kabahagi sa anumang nagagastos sa mga labanan.

Binigyan din ang mga di-Muslim ng pagkakataong magkaroon ng kalayaan sa kanilang pananampalataya, habang ipinaaalam din sa kanila ang batas o turo ng Islam.

## MGA LIHAM NA IPINARATING SA MGA PINUNO NG IBA'T IBANG BANSA

Pinalaganap din ni Propeta Muhammadﷺ ang mensahe ng Islam sa mga namumuno o namamahala sa iba't ibang bansa.

Nagpadala siya ng mensahe sa mga sumusunod:

**1. Heracleus – Emperador ng Emperyong Romano**

Nagpagawa ng sulat ang Propeta ﷺ upang ibigay kay Heracleus, Emperador ng *Emperyong Byzantine* (Romano), na nagsasaad ng ganito:

> *Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin*
>
> *Mula kay Muhammad, ang Alipin at Sugo ng Allah, para kay Heracleus, Emperador ng Byzantine. Kapayapaan sa sinumang sumusunod sa tamang landas. Inaanyayahan kita sa paanyaya ng Islam. Tanggapin ang Islam at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan; tanggapin ang Islam at gagantimpalaan ka ng Allah nang paulit-ulit. Kung ikaw ay tatanggi, magkakaroon ka ng pananagutan at pagkakasala sa iyong mga nasasakupan. 'O Angkan ng Kasulatan! Halina't tayo'y magkasundo sa isa't isa; na wala tayong sasambahin maliban sa Allah, na huwag tayong magtambal ng anupaman sa Kanya; na huwag tayong magtayo at magtangi ng panginoon at patron mula sa ating mga sarili maliban sa Allah.' Kung sila ay magsitanggi, sabihin: 'Kami ay sumasaksi na kami ay mga Muslim (tumatalima sa Allah).*

### 2. Negus - Hari ng Abyssinia

Ang idiniktang sulat ng Propeta ﷺ upang ipadala kay Negus (o hari) ng *Abyssinia* ay naglalaman ng ganito:

> *Kapayapaan, Purihin ang Allah, ang Hari, ang Banal, ang Tagapag-ingat ng Kapayapaan, ang may Tangan ng Pananampalataya, ang Tagapagbantay.*
>
> *Siya ang Allah, walang diyos maliban sa Kanya, ang Dakila, ang Banal, ang Pinagmumulan ng Kapayapaan (at Kaganapan), ang Nagbabantay ng Pananampalataya, ang Tagapangalaga ng Kaligtasan, ang Kataas-taasan sa Kapangyarihan, ang Walang-Hanggan, ang Dakila: Purihin*

*ang Allah! (Siya ay sadyang malayo) sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya.*

*…Inaanyayahan kita sa (landas ng) Allah, - ang walang katulad, walang katambal, na sumunod sa Kanya, sumunod at maniwala sa akin at sa (Aklat na) Kanyang ipinadala, ako ay Sugo ng Allah. Kapayapaan sa lahat ng tumatahak sa tamang landas.*

**3. Hari ng Persia**

Ganito naman ang sulat na ipinadala sa hari ng Persia:

*Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin*

*Mula kay Muhammad, Sugo ng Allah para kay Chosroes, ang Shah ng Persia.*

*Kapayapaan sa mga sumusunod sa katotohanan, sa mga naniniwala sa Allah at sa Kanyang Propeta at sumasaksi na walang Rabb (Panginoon) maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang Sugo. Hinihiling ko sa iyo sa Ngalan ng Allah, dahil ako ay Kanyang Sugo, na paalalahanan ang iyong mga nasasakupan na kung hindi nila tatanggapin ang mensahe, mananagot sila sa kabilang buhay. Kaya maging Muslim at ikaw ay maliligtas. Kung hindi mo ipararating sa kanila ang katotohanan, pananagutan mo ang kanilang pagiging walang kaalaman.*

**4. Hari ng Ehipto na isang Coptic Kristiyano**

Ang idiniktang sulat ng Propeta ﷺ para sa namumuno sa *Ehipto,* isang Coptic na Kristiyano:

*Sa Ngalan ng Allah, Ang Mapagpala, Ang Mahabagin*

*Mula kay Muhammad, anak ni Abdullah, para sa Copt. Kapayapaan sa sinumang sumusunod sa katotohanan. Ipinakikiusap ko na tanggapin mo ang Islam. Maging isang Muslim. Gagantimpalaan ka ng Allah nang paulit-ulit. Kung ikaw ay tatanggi, pananagutan mo ang pagkakait ng biyayang ito sa iyong mga nasasakupan.*

Sa pamamagitan ng mga nabanggit na liham, ang mga sumusunod ay nararapat limiin at isa-isip.

1. Ang Propetaﷺ ay nagbigay-diin sa pandaigdigang kabuuan ng mensahe, na ang Islam ay para sa sangkatauhan.

2. Ang Propetaﷺ ay nagbigay ng isang pagbati sa kanyang mga sinulatan nang may kondisyong matatamo ang kapayapaan ng sinumang sumunod sa katotohanan.

3. Kanyang ipinahayag ang mensahe nang may ganap na kapangyarihan at sinabing siya ay Sugo ng Allah(ﷻ). Kanya ring ibinigay ang ganap na babala sa kanyang mga sinulatan na kanilang pananagutan kung kaliligtaan nila ang pagpaparating ng mensahe sa kanilang mga nasasakupan. Sinabi rin niya ang magandang balitang mapapasa-kanila ang kapayapaan kung tatanggapin nila ang Islam, gayundin ang dakilang gantimpala at biyaya mula sa Allah(ﷻ).

4. Naglalaman ang bawa't sulat ng mahahalagang mensahe at nababatay sa katayuan ng kanyang sinusulatan, lalung-lalo na sa kanilang karanasan sa pananampalataya. At kung kinakailangan, bumabanggit din ang Propetaﷺ ng mga talata mula sa Banal na Qur'an upang bigyang-diin ang Tunay at Ganap na Kaisahan ng Allah(ﷻ).

Sa lahat ng kanyang sinulatan, ang hari ng *Abyssinia* lamang ang dagliang tumugon sa kanyang panawagan. Bagaman tumanggi ang ibang mga namumuno sa kanyang paanyaya - ang *Persia*, *Syria* at *Ehipto* ay naging bansang Muslim pagkalipas ng ilang taon sa pagbagsak ng mga namumuno.

## ANG PAGBABALIK SA MAKKAH

Walong taon makalipas ang *Hijrah*, naging matagumpay ang pagbabalik sa *Makkah* ng mahigit sa sampung libong Muslim. Masayang-masaya ang lahat dahil sa loob ng walong taon ng kanilang pamamalagi sa *Madinah*, ito ang kauna-unahang pagkakataon na masilayan nilang muli ang *Makkah.*

Sa panahon ding ito, nagpasiya ang amain ng Propeta ﷺ na si Al-Abbas at ang kanyang asawa na tanggapin ang Islam.

Nang marating ng mga Muslim ang labas ng *Makkah*, nagsiga sila sa halos buong paligid nito sa kani-kanilang mga kampo.

Si Abu Sufyan na isa sa mga pinakamatapang at kilalang namumuno sa *Quraysh* at kaaway din ng Islam, ay nagsikap na puntahan at alamin kung kani-kaninong kampo ang mga yaon nguni't bigla niyang nasalubong si Al-Abbas, ang amain ng Propeta ﷺ at pinayuhan siya na huwag na niyang ituloy kung ano man ang kanyang binabalak, bagkus sumuko na lamang siya dahil marami na ang bilang ng mga Muslim.

Sa katunayan, nang mapag-alaman ito ni Omar ibn Al Khattab, nais niyang patayin si Abu Sufyan subali't pinigilan siya ni Al-Abbas at ng Propeta ﷺ. Hindi nagtagal, tinanggap din ni Abu Sufyan ang Islam at naging Muslim ang lahat ng mga taga *Quraysh.* Gayundin, tinanggap ng iba pang tribu ng *Arabia* ang Islam at tuluyang naging malakas ang mga Muslim.

Sa araw na iyon, inalis ang tatlong daan at animnapong (360) mga istatwa o rebultong nasa loob ng *Ka'bah*. Nanumbalik ang kadalisayan ng *Ka'bah* bilang bahay dalanginan ayon sa pagkakatayo nito nina Propeta Ibrahim at Ismael.

## HAJJ – PILGRIMAHE

Sampung taon makalipas ang *Hijrah*, nagsagawa ng *Hajj* si Propeta Muhammadﷺ kasama ang halos isang-daang libong (100,000) Muslim. Katunayan, siya ay nagsagawa ng Hajj ng isang beses lamang sa kanyang buong buhay. Sa Bundok ng *Arafat*, doon niya ipinahayag ang kanyang pamamaalam na sermon, at kanyang sinabi:

> *O sangkatauhan! Pakinggang mabuti ang aking sasabihin, sa dahilang hindi ko alam kung magkikita pa tayong muli sa ganitong pagtitipon sa darating na panahon. O sangkatauhan!, Ang inyong buhay at ari-arian ay dalisay hanggang sa inyong pagharap sa inyong Rabb (Panginoon). Ang pagiging panatag ng inyong buhay at mga ari-arian ay dalisay katulad ng araw at buwang ito. Alalahanin, katotohanang inyong makahaharap ang inyong Rabb (Panginoon) at Siya ang huhusga sa lahat ng inyong ginawa. Kaya, pinaaalalahanan ko kayo. Kung sino man sa inyo ang pinagkatiwalaan ng isang bagay, nararapat lamang na kanyang ibalik ito nang ganap sa nagmamay-ari.*
>
> *O sangkatauhan!. Katotohanang may karapatan kayo sa inyong mga asawa at ganoon din sila sa inyo. Pakitunguhan sila nang may lubos na kabaitan at pagmamahal sapagka't ipinagkatiwala sila sa inyo. Laging maging tapat sa mga ipinagkatiwala sa inyo at huwag gumawa ng kasalanan.*
>
> *O sangkatauhan! Pakinggan ninyo akong mabuti. Sumamba lamang sa Allah, mag-alay ng Salaah (pagdarasal), mag-*

*ayuno sa buwan ng Ramadhan, magbigay ng itinakdang kawanggawa at maglakbay sa Makkah (Hajj). Alalahanin, pantay-pantay at magkakapatid kayo sa isa't isa. Walang sinumang hihigit sa isa maliban lamang yaong may takot sa Allah at gumagawa ng kabutihan. Iwasan ang paggawa ng hindi makatarungan.*

*O sangkatauhan! wala ng iba pang Propetang darating sa aking paglisan at wala ng ipadadalang bagong pananampalataya. Unawain ang aking mga sinasabi. Mag-iiwan ako sa inyo ng dalawang bagay – ang Qur'an at ang aking Sunnah. Sundin ang mga ito nang matapat at natitiyak kong hindi kayo maliligaw ng landas. Mag-ingat kay Satanas at pangalagaang mabuti ang inyong pananampalataya*

*Ipamahagi ang aking mga sinabi at sana'y kanilang pakinggan at maunawaan ito. Gayundin, sana'y kanilang ibahagi ito sa iba. Ikaw ang aking saksi, O Allah, na ipinahayag ko ang Iyong mensahe.*

## ANG KAMATAYAN NG PROPETA

Namatay si Propeta Muhammadﷺ sa *Madinah* sa gulang na anim-napu't tatlo (63). Sa katunayan, bago siya namatay, nagtungo siya sa libingan kasama ang kanyang katulong na si Abdullah at kanyang ipinagdasal ang mga namatay na Muslim.

Pagkatapos ng kanyang panalangin, sinabi niya kay Abdullah na siya (ang Propetaﷺ) ay maaaring pumili sa alin man sa dalawa:

*Kayamanan sa mundo, o mahabang buhay at Paraiso, o ang makita na ngayon ang Panginoon at pumasok na sa Paraiso*.

Si Abdullah ay nagsabi sa kanya na dapat piliin niya ang mahabang buhay, kayamanan at ang Paraiso. Nguni't sinabi ng

Propeta ﷺ kay Abdullah na pinili na niya na makita ang kanyang *Rabb* (Panginoon) kaysa sa mga makamundong bagay.

Isang araw, nang magising ang Propeta ﷺ sa matinding karamdaman, nagampanan pa rin niyang mamuno sa pagdarasal sa *Masjid.*

Nang maging malubha ang kanyang karamdaman, ipinakiusap niya na ilipat siya sa silid-tulugan ni Aisha, isa sa kanyang mga asawa, na karugtong lamang ng *Masjid.*

Nagpatuloy ang paglubha ng kanyang karamdaman hanggang sa hindi na niya magawang magtungo sa *Masjid.* Kanyang sinabi kay Aisha na sabihin sa mga Muslim at sa ama nitong si Abu Bakar na siya ang mamumuno sa pagdarasal. Ipinarating ito ni Aisha at naging malungkot ang mga Muslim, sa dahilang ito ang kauna--unahang pagkakataong hindi na ang Propeta ﷺ ang mamumuno sa kanilang pagdarasal.

Narinig ng Propeta ﷺ ang tinig ng mga nagdarasal at sinikap niyang sumilip sa pintuan ng *Masjid* at kanyang pinagmasdan ang mga Muslim habang sila'y nagdarasal. Natuwa siya sa kanyang napagmasdan na siyang nagbigay ng kaunting lakas sa kanya upang makarating sa *Masjid*. Napansin ni Abu Bakar na naroroon ang Propeta ﷺ kaya't humakbang siya nang paurong upang bigyang puwang ang Propeta ﷺ na mamuno sa pagdarasal. Nguni't nagbigay hudyat ang Propeta ﷺ na ipagpatuloy na lamang nila ang kanilang pagdarasal.

Sa huling mga sandali ng kanyang buhay, nakaupong nagdarasal ang Propeta ﷺ na kasama nila. Pagkatapos ng pagdarasal, nakiusap siyang tulungang makabalik sa silid-tulugan at humiga siya sa kandungan ni Aisha.

Lalong naging matindi ang sakit na kanyang nararamdaman hanggang sa napaiyak ang kanyang anak na si Fatimah dahil sa awa sa kanya. Subali't sinabi niya sa kanyang anak na huwag malungkot at mabahala. Sinabi pa niya na: *Walang hapdi o sakit na nararamdaman ang iyong ama at katotohanan na ang kamatayan ay darating sa lahat. Tayong lahat ay makararanas ng hirap hanggang sa Araw ng Paghuhukom.*

At kapagdaka'y namayapa ang Propeta ﷺ. Nang mabalitaan ng mga tao ang pagkamatay ng Propeta halos hindi makapaniwala ang lahat. Maging si Omar ibn Al Khattab, isa sa mga kalaban ng Islam bago naging isang masugid na tagasunod ng Propeta ﷺ ay hindi makapaniwala at tumangging tanggapin ang pagkamatay ng Propeta ﷺ.

Sa katunayan ang lahat ay nalungkot at halos hindi nila matanggap ang katotohanan ng pangyayari.

Nguni't si Abu Bakar ay nagsabi: *Ang lahat ng papuri ay sa Allah(ﷻ) lamang. O sangkatauhan, sinuman ang sumamba kay Muhammad ﷺ, dapat ninyong malaman na si Muhammad ﷺ ay patay na. Nguni't ang sinumang sumasamba sa Allah(ﷻ) – ang Allah(ﷻ) ay buhay at walang kamatayan.*

At binigkas ni Abu Bakar ang mga sumusunod na talata mula sa Banal na Qur'an (Kabanata Al Imran 3:144):

> *Si Muhammad ay hindi hihigit pa sa isang Sugo. Maraming Sugo ang yumao na nauna pa sa kanya, kaya kung siya man ay namatay o napaslang, kayo ba ay magsisitalikod? Sinuman ang tumalikod ay walang magagawang pinsala sa Allah(ﷻ). At sa kanilang mapagpasalamat, may nakalaang gantimpala sa kanila ang Allah(ﷻ).*

Maging sa kasalukuyang panahon, marami pa rin sa mga di-Muslim ang nag-aakala na si Muhammadﷺ ang sinasamba ng mga Muslim. Nguni't ang katotohanan, siya ang panghuling Sugo ng Allah na nagturo sa sangkatauhan na sumamba lamang sa Tangi at Nag-iisang Panginoon - ang Allah(ﷻ) na Siyang Lumikha ng lahat.

Kahit wala na ang Propeta, tapat na tinanggap ng mga Muslim ang kanyang mensahe at mga aral nang walang pag-aalinlangan at isinasabuhay nang may katapatan. Hindi kakaiba ang diwa at pangunahing mensaheng tinanggap niya mula sa Allah(ﷻ) at sa katuruan ng mga naunang Propeta. Sa katotohanan, kanyang ibinalik lamang ang mga nangawalang turo ng mga naunang Propeta.

Kaya mahalin at igalang natin ang Propetaﷺ sapagka't siya ang tunay na daan at gabay sa buhay ng mga matatapat na mananampalataya.

Sa Banal na Qur'an, ang Allah(ﷻ) ay nagwika:

> *Sabihin (O Muhammad): Kung mahal ninyo ang Allah, sumunod sa akin. Mamahalin kayo ng Allah at patatawarin ang inyong mga kasalanan. At ang Allah ay lagi nang mapagpatawad at mahabagin.* [Kabanata Al Imran 3: 31]

> *Ang sinumang sumunod sa Sugo ay sumunod na rin sa Allah.* [Kabanata An-Nisa 4: 80]

> *O sangkatauhan! Ang Sugo ay dumating sa inyo nang may katotohanan mula sa inyong Rabb (Panginoon)! Maniwala sa kanya, ito'y makabubuti sa inyo…* [Kabanata An-Nisa 4: 170]

> *Sabihin: Tunay! Ang aking pagsamba, ang aking pag-aalay, ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para sa Allah*

*lamang, ang Rabb (Panginoon) ng mga daigdig.* [Kabanata Al An-am 6:162]

*O kayong nananampalataya! Sundin ang Allah at sundin ang (Kanyang) Sugo at huwag sayangin ang inyong mga gawa.* [Kabanata Muhammad 47: 33]

*Kaya, tanggapin ang anumang ibinigay ng Sugo sa inyo at iwasan ang anumang kanyang ipinagbawal sa inyo.* [Kabanata Al Hashr 59: 7]

Ang Banal na Qur'an ay puro at dalisay na mga pahayag mula sa Allah(ﷻ). Hindi si Propeta Muhammadﷺ ang may akda nito katulad ng inaakala ng karamihan sa mga di-Muslim. Ipinahayag ito sa kanya ng Allah(ﷻ) sa pamamagitan ni Anghel Gabriel sa loob ng dalawampu't tatlong taon. Ang kaligtasan ng bawa't isa ay nakasalalay sa tapat na pagsunod sa batas ng Allah(ﷻ) na napapaloob sa Banal na Qur'an na siyang isinabuhay ni Propeta Muhammadﷺ – ang Huling Sugo ng Allah(ﷻ) sa sangkatauhan.

Si Propeta Muhammadﷺ ay nagsabi: *Ako'y isinugo upang gawing ganap ang magandang pag-uugali.*

Sa dahilang siya ang panghuli at ang tanging Propetang isinugo sa buong sangkatauhan, ibinigay ng Allah(ﷻ) kay Propeta Muhammadﷺ ang kabuuan at kaganapan ng pananampalatayang Islam. Kaya naman, mapapansin natin na sakop ng kanyang mensahe ang lahat ng bahagi ng buhay ng tao maging ito man ay hinggil sa Diyos, sarili, kapwa-nilikha, pag-aasawa, pamilya, kapitbahay, trabaho o hanapbuhay, panunungkulan, bayan, digmaan, ugnayang pambansa, atbp. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa napakaraming mga Hadith na nauukol sa iba't ibang aspeto ng buhay. Ang Propeta ng Allah(ﷻ) ay nagsabi:

*"Ang bawa't tao ay isinilang na Muslim (likas na paniniwala at pagsamba sa nag-iisang Allah), subali't ang kanyang mga magulang lamang ang nag-akay sa kanya na maging isang Hudyo, Kristiyano o Magyan."* (Al Bukhari at Muslim)

*"Sinumang tumahak sa landas ng kaalaman sa pananampalataya (Islam), gagawin ng Allah na magaan sa kanya ang landas patungo sa Paraiso."* (Muslim)

*"Ang pagitan ng tao at kawalan ng pananampalataya ay paglisan sa Salaah (Pagdarasal)."* (Muslim)

*"Siyang naka-aalaala sa kanyang Panginoon at siyang hindi naka-aalaala ay katulad ng buhay at patay."* (Al Bukhari at Muslim)

*"Ang lahat ng inuming nakalalasing ay ipinagbabawal."* (Al Bukhari at Muslim)

*"Ang kalinisan ay kalahating bahagi ng pananampalataya."* (Muslim)

*"Hindi nagbibigay ng habag ang Allah sa isang taong hindi marunong mahabag sa kapwa."* (Al Bukhari at Muslim)

*"Ang pinakamahusay sa inyo ay yaong may magandang pag-uugali."* (Al Bukhari at Muslim)

*"Kapag inilagay kayo sa isang katayuang may katungkulan (kapangyarihan), maging matakot sa Allah at maging makatarungan."* (Ahmad at Al Baihaqi)

*"Ang malakas na tao ay hindi yaong mahusay makipagbuno, bagkus yaong nakapagpipigil ng kanyang sarili kapag siya ay galit."* (Al Bukhari at Muslim)

*"Ang labis na kinasusuklaman ng Allah ay yaong madalas makipagtalo at makipag-away."* (Al Bukhari at Muslim)

*"Sinumang pumutol sa pakikitungo sa pamilya at kamag-anakan ay hindi makapapasok sa Paraiso."* (Al Bukhari at Muslim)

*"Hindi kayo makapapasok sa Paraiso hangga't hindi kayo mananampalataya, at hindi kayo mananampalataya hangga't hindi kayo magmahalan sa isa't isa. Nais ba ninyong sabihin ko sa inyo ang bagay na kapag inyo itong ginawa kayo ay magmamahalan sa isa't isa? Magbigay ng pagbati ng kapayapaan (Assalamu Alaykum) sa bawa't isa sa inyo." (*Muslim)

*"Sa pagpasok ng mga mananahan sa Paraiso, isang pagpapahayag ang magaganap. 'O kayong mananahan sa Paraiso, kayo'y mananatiling buhay at hindi kailanman mamamatay; kayo'y laging malusog at hindi kailanman magkakaroon ng karamdaman; kayo'y mananatiling bata at hindi kailanman tatanda; at kayo'y laging nasa ginhawa (katiwasayan) at hindi kailanman magkakaroon ng suliranin'."* (Muslim)

*"Ang pinakamagaan na parusang igagawad sa tao sa Impiyerno ay pagyapak sa nagbabagang uling na sadyang napakainit na magpapakulo ng kanyang utak - kagaya ng pagpapakulo ng isang bagay sa kalan. Kanyang iisiping wala nang iba pang nakararanas ng higit na matinding kaparusahan, gayong sa katunaya'y pinakamagaan sa Impiyerno ang kanyang kaparusahan."* (Al Bukhari at Muslim)

## ANG MGA PUNA NG MGA DI-MUSLIM KAY PROPETA MUHAMMAD ﷺ

### George Bernard Shaw

Si Ginoong Bernard Shaw ay isinilang sa Ireland. Isa siyang manunulat ng tula, manunuri o kritiko at mananalaysay. Siya ay nahahanay sa mga pinakamahalagang tao sa larangan ng panitikan noong 1900's. Siya ay nagwagi ng Nobel Prize sa panitikan noong 1925.

At kanyang sinabi:

> *Kung ang isang taong katulad ni Muhammad ang magpapatuloy sa pamamahala ng makabagong mundo, uunlad siya sa paglutas ng mga suliraning hinaharap at kanyang maibabalik ang tunay na kapayapaan at kasiyahan na kailangan ng sangkatauhan.*

At sinabi pa niya:

> *Pinag-aralan ko ang kanyang buhay – siya ay isang kahanga-hangang tao – at sa aking paniniwala, hindi siya laban kay Hesu-kristo at siya (Muhammad ﷺ) ay dapat na tawaging tagapagligtas ng sangkatauhan.*

### Ayon sa Encyclopedia Britannica:

> *Si Muhammad ang pinakamaunlad sa lahat ng mga Propeta at Pinuno ng pananampalataya.*

**Ayon sa World Book Encyclopedia:**

> *Si Muhammad ang isa sa pinakamaimpluwensiyang tao sa lahat ng panahon.*

**Diwan Chand-Sharma**
**The Prophets of the East**
**Calcutta 1935, p. 122**

Kanyang sinabi:

> *Si Muhammad ang diwa at buhay ng kabutihan at ang kanyang impluwensiya ay nadama at kailanma'y hindi malilimutan ng lahat ng taong nakapaligid sa kanya.*

**Rev. R. Bosworth-Smith**

Kanyang sinabi:

> *Sa kabutihang-palad, ganap na walang katulad siya (Muhammadﷺ) sa kasaysayan, si Muhammadﷺ ang tagapagtatag ng isang bansa, isang imperyo (Empire) at isang pananampalataya (Islam).*

**Michael H. Hart**

Si Ginoong Hart ay Kristiyanong Amerikano, isang dalubhasa sa larangan ng astronomiya, at mathematika. Siya ay isa ring Manananggol at Siyentipiko. Pagkatapos ng kanyang malawak at masusing pananaliksik, siya ay naglathala ng talaan ng talambuhay ng isang-daang pinakamalakas o pinakamaimpluwensiyang tao sa lahat ng panahon. Kanyang pinagtibay na si Muhammadﷺ ang nangunguna sa kanilang lahat.

At kanyang sinabi:

> *"Ito ang pinagsamang sekular at relihiyosong impluwensiya/lakas na walang kapantay at aking nadarama na dapat kilalanin si Muhammad na pinakamaimpluwensiya sa kasaysayan ng tao.*

At dagdag pa ni M. Hart.

*"Ang aking pagpili kay Muhammad upang manguna sa talaan ng mga dakilang tao ay maaaring ikagulat ng maraming mambabasa at maaari ding maging isang katanungan sa iba, nguni't siya lamang ang tanging tao sa kasaysayan ang naging matagumpay sa larangan ng relihiyon at maging sa sekular na antas (ng buhay)."* Michael Hart, The 100: A Ranking of the most Influential Persons in History, New York: Hart Publishing Company, Inc. 1978, Pahina 33.

Bilang panghuli, mahalagang banggitin ko rin ang isang magandang puna mula sa isang matalinong mananalaysay. Ayon sa kanyang sarili at malayang puna, kanyang sinulat na:

*"Kung ang kadakilaan ng layunin, ang simpleng pamamaraan at ang kagila-gilalas na mga bunga ang siyang tatlong batayan ng katalinuhan ng tao, sino kaya ang makapaghahamon na ihambing ang sinumang dakilang tao sa makabagong kasaysayan kay Muhammad? Ang mga kilalang tao ay gumawa ng mga sandata, mga batas at mga nagtatayugang mga kaharian lamang. Sila ay nakapagtatag, ng hindi hihigit sa materyal na kapangyarihan na kadalasa'y gumuguho sa harap ng kanilang mga paningin. Ang taong ito ay hindi lamang nakapagpagalaw ng mga sandatahang kawal, ng mga batas, mga kaharian, ng mga iba't ibang lipon ng tao at angkan, nguni't milyun-milyong tao na naninirahan sa ikatlong bahagi ng mundo; at higit pa roon, pinagalaw niya ang mga dambanang dalanginan, ang mga diyos, ang mga relihiyon, ang mga paniniwala, pananalig at maging ang mga kaluluwa…. Ang kanyang tiyaga at pagtitiis sa tagumpay, ng kanyang layunin na ganap na nakalaan sa iisang simulain at hindi sa hangaring makapagtayo ng kaharian; ang kanyang walang katapusang pagdarasal, ang kanyang marubdob at malahimalang pakikipag-ugnayan sa Allah,*

*ang kanyang kamatayan at kanyang tagumpay pagkaraan ng kanyang kamatayan; lahat ng ito ay sumasaksi hindi ng pagkukunwari bagkus ng matatag na pananalig na siyang nagbigay sa kanya ng lakas ng kapangyarihan upang mapanumbalik ang isang prinsipyo.* **Ang prinsipiyong ito ay may dalawang kahulugan**: *ang Kaisahan ng Diyos at ang di-nalilikhang Diyos (na konsepto); ang una ay nagpapahiwatig kung ano ang Diyos at ang huli ay nagpapahiwatig nang kung ano ang hindi Diyos; ang isa ay nagtatakwil sa mga huwad na diyos sa pamamagitan ng espada at ang isa naman ay nagsisimula sa isang kaisipan sa pamamagitan ng salita".*

*"Isang (dakilang) pilosopo, (mahusay na) mananalumpati, mambabatas, mandirigma, mananakop ng ibang kaisipan, (isang) tagapagpanatili ng makatuwirang prinsipyo (tungkol) sa isang uri ng pananampalataya na walang kinikilalang imahen o larawan (ng Diyos); tagapagtatag ng dalawampung makamundong naglalakihang kaharian at ng ispirituwal na kaharian, iyan ay si Muhammad. At hinggil sa lahat ng pamantayan na kung saan sinusukat ang kadakilaan ng tao, ito ang aming maitatanong, mayroon pa kayang isang tao na higit na dakila kaysa sa kanya (Muhammad)?"* Ito ang puna ni Lamartine, Histoire de la Turquie, Paris 1854 Vol ii, Pahina 276-77.

Maraming salamat sa inyong pagbabasa at nawa'y nakatulong ito sa sinumang tapat na nananampalataya at naghahanap ng katotohanan. Sumainyo nawa ang kapayapaan at patnubay tayo ng Allah(ﷻ) – ang Dakilang Lumikha.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Islam, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan:

***(ISCAG - Philippines)***
***Islamic Studies, Call & Guidance-Philippines***
***Congressional Road, Salitran I,***
***Dasmarinas, Cavite***
***Philippines***
***Tel. (0063 46) 416-3371 / Fax 506-1451***
***www.iscag.com***

***(IL&IO)***
***Islamic Library & Information Office***
***P.O. Main Box 52916***
***Stall-B, HL Commercial Building***
***Pandan Citicenter – Phase 1***
***Magalang Road, Angeles City***
***Philippines***
***Tel. (0063 45) 887-4577***
***Email: weblikislm@hotmail.com***

***This is book is edited by TT&ESS***
***Tagalog Translation & Editing Support Services***